



Pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga batang may edad na 5 hanggang 11 taon

Gabay para sa mga magulang, guardian at tagapag-alaga

Inaprubahan ng Australian Technical Group on Immunisation (ATAGI) ang bakunang Pfizer laban sa COVID-19 para sa mga batang nasa pagitan ng edad na lima at 11 taon, ang huling pag-apruba para sa mga bata upang magsimulang tumanggap ng pagbabakuna.

Inirerekomenda ng ATAGI na ang pagbabakuna sa grupo ng edad na ito ay 2 dosis, 8 linggo ang pagitan. Maaaring iklian sa minimum na 3 linggo ang pagitan sa natatanging mga sirkumstansya, halimbawa, sa isang pagtugon sa biglang paglitaw ng virus, bago simulan ang mahalagang immunosuppression (pagpigil sa naturalesa) o paglalakbay sa ibang bansa.

Ang pag-iskedyul ay magbubukas mula sa katapusan ng Disyembre dahil ang mga bata ay takdang bakunahan mula sa ika-10 ng Enero 2022.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay ibinibigay na sa mga batang may edad na 5 hanggang 11 taon sa Estados Unidos (US) at Canada, na may mga programang sisimulan sa Europa, Israel at sa iba pang lugar.

Ang [Australian Technical Advisory Group on Immunisation](#) (ATAGI) ay patuloy na nagrerepaso ng makukuhang ebidensya mula sa mga klinikal na pagsubok ng bakunang Pfizer sa mga bata at sa tunay na buhay na mga datos mula sa pagbabakuna sa Estados Unidos sa grupo ng edad na ito.

Humihiling din ang bakunang Moderna ng pag-apruba upang lumahok sa pagbabakuna para sa grupo ng edad na ito.

Paano isasagawa ang pagbibigay ng bakuna para sa mga bata?

Nakaplanong makukuha ang mga bakuna sa kalahok na mga klinika ng doktor, botika, Aboriginal Controlled Community Health Organisation at madaling gamitin ng pampamilyang mga sentro ng bakunahan sa estado ng Victoria.

May makukuhang iba't ibang landasin at suporta para sa mga bata na maaaring may bahagyang pagkabalisa tungkol sa pagbabakuna o kaunting mga isyu sa pag-aasal, pati na rin ang mga batang may kapansanan sa pag-unlad, autism at/o mga isyung pandamdang (sensory issues). May makukuha ring mga serbisyo sa ospital para sa mga bata na may mas malubhang pagkatakot sa iniksiyon (needle phobia) sa pamamagitan ng pagsangguni sa Victorian Specialist Immunisation Service.

Ano ang mga benepisyo ng pagbabakuna sa mga bata?

Benepisyo: Nagbibigay ng direktang proteksyon laban sa pagkakaroon ng COVID-19 at malubhang karamdaman

- Binabawasan ng pagbabakuna laban sa COVID-19 ang panganib ng pagkahawa at kalubhaan ng karamdaman.
- Ang ilang mga bata na may umiiral na kondisyong medikal, gaya ng sobrang katabaan, down syndrome o cerebral palsy, ay may mas malaking panganib mula sa COVID-19.
- Ang malubhang karamdaman ay hindi karaniwan ngunit nangyayari sa mga bata, na kulang sa dalawang porsyento ng mga batang may mga sintomas (symptomatic) ang kailangang ipasok sa ospital para gamutin, karaniwan ay para sa oxygen o mga fluid.
- Sa Australya, tayo ay may mataas na bilang ng pagbabakuna sa mga taong nasa hustong gulang, kaya naman ang impeksyon ng COVID-19 ay mas naging karaniwan sa mga hindi nabakunahang mga bata at kabataan. Ang panganib ng malubhang karamdaman at pangangailangang maospital o mamamatay ay mas malaki pa rin sa hindi nabakunahang mga matatanda.
- Ilang mga bata ang maaaring magkaroon ng di-gumaling-galing na mga sintomas, mahigit sa isa o dalawang buwan makaraang magka-COVID-19, na tinatawag na Long-COVID (matagalang COVID). Ang komplikasyong ito ay hindi pa lubos na nauunawaan ngunit tila bihira, na karamihan sa mga pag-aaral ay Upang tumanggap ng dokumentong ito sa ibang format, mag-email sa

nagpapakita na ang mga sintomas ay bihirang mangyari pagkalampas sa tatlong buwan. Kailangan ng pananaliksik upang maunawaan nang mas mabuti ang Long-COVID.

- Mayroon ding isang bihirang kondisyon matapos mahawahan ng COVID-19 na naantala at nagsasanhi ng malubhang karamdaman sa mga bata at maaaring umapekto sa ilang mga organo at sistema sa loob ng katawan, na tinatawag na Multisystem Inflammatory Syndrome sa mga bata (MIS-C).

Benepisyo: Binabawasan ang pagkahawahan sa loob ng isang sambahayan, komunidad at mga kapaligirang pang-edukasyon

- Ang mga bata, kabilang ang maliliit na mga bata, ay maaaring magpasa ng COVID-19. Inaasahang ang pagbabakuna ay makababawas ng panganib sa pagkahawahan ng mga bata at mas matatandang mga grupo ng edad, kabilang ang mga kapamilya na maaaring may mas mataas na panganib gaya ng mga lolo at lola.

Benepisyo: Mababawasan ang pangangailangang magsara ng mga kapaligirang pang-edukasyon, muling pag-iskedyul ng paglalakbay at kasunod na negatibong mga hindi direktang epekto

- Ang hindi direkta o pangalawang benepisyo ng pagbabawas ng pagkahawahan at mga kaso sa early childhood education at mga serbisyo ng pangangalaga at mga paaralan ay ang mas malamang na pananatiling bukas ng mga paaralan, at ang mga bata ay maaaring magkaroon ng mga pag-aaral na harapan, oras para sa paglalaro, paggawa ng iba't ibang aktibidad ng isport at pakikisalamuha sa kanilang mga kaibigan.
- Maaari ring kailanganin ng mga bata na mabakunahan para sa paglalakbay sa ibang bansa, kaya kailangang tiyaking ang mga iskedyul para sa pagbabakuna ay isasaalang-alang sa pagpapalano ng pag-alis para maglakbay.

May anumang mga panganib ba sa pagbabakuna ng mga bata?

- Ang bakunang Pfizer ay ligtas at epektibong gamitin para sa mga batang may edad sa pagitan ng 5 at 11 taon. Sa klinikal na pagsubok ng bakunang Pfizer, walang natuklasang mga alalahanin tungkol sa kaligtasan ng bakuna at walang malubhang mga side effect.
- Lahat ng mga bakuna ay may mga side effect, tulad ng anumang iba pang gamot. Ang mas malubhang mga side effect ay napakabihira.
- Maaaring dumanas ang mga bata ng karaniwan at inaasahang mga side effect matapos mabakunahan ng Pfizer gaya ng pananakit ng braso, sakit ng ulo at pagkapagod. Ang mga ito ay karaniwan lamang nagagamot ng paracetamol, at bihirang kailanganin ng mga bata na magpatingin sa doktor para gamutin.
- Karamihan ng mga side effect matapos mabakunahan ay nangyayari nang maaga sa loob ng unang 6-8 linggo, na walang inaasahang pangmatagalang mga side effect mula sa mga bakunang mRNA. Ipagpapatuloy ang kasalukuyang matatag na pagsubaybay sa kaligtasan ng bakuna sa Australya sa pamamagitan ng AusVaxSafety upang palagiang masubaybayan ang karaniwan at malubhang mga side effect.
- Walang siyentipikong ebidensya na naaapektuhan ng mga bakuna ang pertilidad at wala ni isa sa mga bakuna laban sa COVID-19 na ginagamit sa Australya ang nagsasanhi ng isterilisasyon/pagkabaog.

Kung ikaw ay may mga tanong tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19 at sa iyong anak, mangyaring talakayin mo ito sa inyong doktor o tagapagbigay ng healthcare (pangkalusugang pangangalaga).

Mga mapagkukunan

- [Paano makikipag-usap sa mga bata tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 | Kagawaran ng Kalusugan ng Pamahalaang Australya](#)
- [Vaccine clinic finder](#)
- <https://www.coronavirus.vic.gov.au/who-can-get-vaccinated>
- [Pakikipag-usap sa iyong anak tungkol sa COVID-19](#)
- [Podcast ng Royal Children's Hospital](#)
- [Mga social script tungkol sa maaasahan kapag nagpapabakuna laban sa COVID-19](#)
- [VaxFacts na mga tanong tungkol sa COVID-19 na naitanong at nasagutan](#)